# ANG MGA SALIGAN NG PANANAMPALATAYA

## NG ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

Naniniwala kami sa Diyos, ang a mang w alang Hanggan, at sa k anyang a nak, na si Jesucristo, at sa Espiritu s anto.

2 n aniniwala kami na ang mga tao ay parurusahan dahil sa kanilang sariling mga kasalanan, at hindi dahil sa paglabag ni a dan.

3 n aniniwala kami na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo.

4 n aniniwala kami na ang mga pangunahing alituntunin at ordenansa ng Ebanghelyo ay: una, Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo; pangalawa, Pagsisisi; pangatlo, Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan; pang-apat, Pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu s anto.

5 n aniniwala kami na ang tao ay kinakailangang tawagin ng Diyos, sa pamamagitan ng propesiya, at ng pagpapatong ng mga kamay ng mga yaong may karapatan, upang ipangaral ang Ebanghelyo at mangasiwa sa mga ordenansa niyon.

6 n aniniwala kami sa samahan ding yaon na umiral sa s inaunang s imbahan, alalaong baga'y mga apostol, propeta, pastor, guro, ebanghelista, at iba pa.

7 n aniniwala kami sa kaloob na mga wika, propesiya, paghahayag, mga pangitain, pagpapagaling, pagbibigay-kahulugan sa mga wika, at iba pa.

8 n aniniwala kami na ang Biblia ay salita ng Diyos hangga't ito ay nasasalin nang wasto; naniniwala rin kami na ang a klat ni mormon ay salita ng Diyos.

9 n aniniwala kami sa lahat ng ipinahayag ng Diyos, sa lahat ng k anyang ipinahahayag ngayon, at naniniwala rin kami na maghahayag pa s iya ng maraming dakila at mahahalagang bagay hinggil sa k aharian ng Diyos.

10 n aniniwala kami sa literal na pagtitipon ng israel at sa pagpapanumbalik ng s ampung l ipi; na ang s ion (ang Bagong Jerusalem) ay itatayo sa lupalop ng a merika; na maghahari si Cristo sa mundo; at, ang mundo ay babaguhin at matatanggap nito ang malaparaisong kaluwalhatian.

11 inaangkin namin ang natatanging karapatang sambahin ang Pinakamakapangyarihang Diyos alinsunod sa mga atas ng aming sariling budhi, at pinahihintulutan ang lahat ng tao ng gayon ding karapatan, hayaan silang sumamba, kung paano, kung saan, kung anuman ang ibig nila.

12 n aniniwala kami sa pagpapasailalim sa mga hari, pangulo, namamahala, at hukom, sa pagsunod, paggalang at pagtataguyod ng batas.

13 n aniniwala kami sa pagiging matapat, tunay, malinis, mapagkawanggawa, marangal, at sa paggawa ng mabuti sa lahat ng tao; sa katotohanan, maaari naming sabihing sinusunod namin ang payo ni Pablo—n aniniwala kami sa lahat ng bagay, umaasa kami sa lahat ng bagay, nakapagtiis kami ng maraming bagay, at umaasang makapagtitiis sa lahat ng bagay. k ung may anumang bagay na marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri, hinahangad namin ang mga bagay na ito.

Joseph s mith.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG

© 2011 IRI. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa USA. 1/11. 1/11. Pagsasalin ng *Articles of Faith.* Tagalog. 64370 893

4 02643 70893 8
64370 893